

# MY SWEETEST EPIC FAIL (Short Story)

## *Description:*

Hindi lahat ng Epic Fail sa buhay ay nagbubunga ng Failed talaga. Mayroon ding Epic Fail na nagbubunga ng maganda. Pano ko nasabi? Basahin niyo na lang :))

## CHAPTER ONE: KAIBIGAN

This story is Dedicated to Angela :D Hahaha! Ayan na friend, ginawa ko na lang short story para medyo mahaba. Ah eks!!!!

Yung tipong nagtext lang kaming dalawa at dahil sa sinabi niyang iyon may nagawa akong story. Hahaha. Ang saya :) Thanks Gela :D

-----

May kaibigan ako, si Chuck Abargez (A/N: Chak yung pagkakabasa). Magkababata na kami eversince na sinilang ako sa mundong ibabaw joke.

Nakilala ko siya when I was 5 years old.

Actually kalilipat lang nila noon sa aming subdivision. Kapit bahay namin siya kaya nga lagi ko siyang nakikita eh, kaso lagi siyang mag-isa siyempre kalilipat lang nila wala siguro siyang friends.

Kaya one time niyaya ko siyang sumali sa amin, hindi siya umayaw at sobrang saya niyang nakihalobilo sa amin sa paglalaro ng batuhang bola, kakampi ko siya noon, kaya naging magkaibigan talaga kami.

Una ko palang siyang makita, na-attract na talaga ako sa kanya, ang gwapo ba naman kasi! Kaya nga naging crush ko talaga siya.

Anlandee? Hhahaha! Hindi naman diba? Normal lang naman magka-Crush, kaya nga dati nung sinabi sa amin ng Grade 2 teacher namin na Abnormal daw ang walang crush ay natuwa ako dahil alam ko sa sarili ko na hindi ako abnormal.

**Flashback:**

“Class! Alam niyo bang Abnormal ang walang Crush?”

“HALAAAAAAAAAAAAA!!” sigaw ng mga kaklase ko.

“Ako hindi abnormal! May crush ako!” sabi naman ng isang klasmeyt ko. Tapos hanggang nagtalo talo na sila.

Ako? Siyempre tahimik lang. Katabi ko ba naman si Chuck e!

Actually Alphabetical kasi ang arrangement.

Tapos yung lamesa namin eh yung mahabang desk? Yung pangdalawahang tao. Tapos babae lalaki yung uupo dun.

Nagkataon parehas kasing "A" yung simula ng Apelyedo namin. Kaya lagi tuloy ka ming magkatabi, lagi naman kasi ganun yung arrangement kapag elementary eh.

"Abnormal ka?" tanong sa akin ni Chuck.

"Hindi ah????"

"Talaga? Edi may crush ka?" Huminga ako ng malalim

"Ano... Oo naman noh!"

"Sino?" lubdub lubdub lubdub, this is the perfect time!

"ik..."

" CLAAAAAAAAAASSS!!!!!!!! STOOOOOOOP!!! " biglang sigaw ng teacher namin na ikinagulat ng lahat. Nagkakagulo na kasi, yung iba kasi nag aminan na kung sino yung crush.

Tapos parehas ata sila ng crush tapos hanggang sa nagsimula ng magaway yung iba.

Mayroon pa nga yung escort namin pinaghihila ng mga babae e, iisa lang naman yung mga sinisigaw nila .. "AKIN SIYA" .. edi sa kanila na! XD

Kawawa tuloy yung escort namin.

**- End of flashback-**

Mga bata talaga =\_= Aaminin ko na dapat kay Chuck na crush ko siya nung time na yun, kaso isang malaking EPIC FAIL!!!! epal si mam e! Hahaha.

Nakakatawa tuloy isipin yung mga ganung pangyayari. At naulit pa ng madaming beses na lagi talagang may eepal kapag ipagtatapat ko na.

Tulad na lang nung 2nd year, magkatext kami nun hanggang madaling araw andami na ng napagusapan namin pero hindi ko alam kung pano kami napunta sa usapang crush.

**Flashback:**

[Hahahaha! Uy? Andaya mo! Sino ba yung crush mo?] text sa akin ni Chuck

[Ano... matagal ko na itong gustong sabihin sa iyo, pero dahil natanong mo sige magtatapat na ako. Simula palang nung bata tayo crush na kita. Oo! Tanda mo pa yun? Yung bagong lipat lang kayo? Crush na kita... pero ngayon.. Wag sana mag-iba tingin mo, pero Mahal na kita Chuck! Mahal na mahal.]

Habang tinetext ko yan sobrang nanginginig pa yung mga kamay ko. Mayroon nga ding tumulong luha sa mga mata ko kasi siguro sa sobrang kaba. Tapos bago ko isend yan.. nakailang beses kong basahin yan ng paulit ulit. Nakareceive ako ng tatlong message mula sa kanya.

[oy? Bat ang tagal mo magreply?]

[Tulog ka na?]

[Mukhang tulog ka na nga. Sige tulog na ako! Goodnaye!] nung mabasa ko yung mga text na yan nataranta ako, pero binasa ko pa muna ulit ng isang beses ulit yung message ko bago ko isent.

Message Sending.....

Check Operator

Tapos sinend ko ulit nagbabaka sakaling magsend padin.

Message Sending.....

.

.

Low Battery Shutdown

“AAAAAHHHH!!!!” Sigaw ko.

Ang laking EPIC FAIL nanaman!!!

Nacut na yung unli ko ! Lowbat pa!

Kaya ang malas malas ko talaga pagdating sa pagcoconfess. Kung nung una sa kaba ako naluha, yung sumunod na luha ay sa sobrang inis hanggang sa natulog na lang ako.

**-End of Flashback-**

Kaya feeling ko tuloy nun mas maganda na lang na itago ko ang nararamdaman ko, at inisip ko na siguro yun talaga ang tadhana.

Madaming years ang nagdaan walang improvement.

Ewan ko nga kung bakit hindi padin siya nakakahalatang may gusto ako sa kanya eh?

Hindi ko alam kung nagbubulagbulagan lang ba siya o sadyang MANHID siya.

Ngunit mahirap ang magmahal ng KAIBIGAN, tignan mo na lang ngayon gagraduate na lang kami ng High School hindi ko padin nasasabi.

Pero mas mahirap na ang turing sayo ng

Mahal mo ay isang....

..

.

.

KAIBIGAN.

----> next chapter



## CHAPTER TWO: DECISION

Ako ang President sa MAPEH Club. At si Chuck ang Vice ko.

Oops! Ako nga pala si Kiela Acy. Nakalimutan kong magpakilala XD

Ang month ng MAPEH Club ay February at ngayon magfebruary na. Kaya abala na kami ni Chuck para sa mga gagawin naming activities.

Main Event pa naman yung VALENTINES. Ewan ko nga e? Masyadong nang aasar ang tadhana =.=

Pauwi na kami ni Chuck ngayon, medyo hapon na kami nakauwi kasi nga dahil sa paghahanda.

“Kiela, valentines na oh? Wala bang nanliligaw sayo? Hahaha!” pabiro niya.

Pero it hurt deep inside na natatawanan niya na lang yung mga ganung bagay. Sabagay wala siyang alam.

“Hah? Kahit naman mayroong manligaw ayoko eh! Ayoko sa kanila...” kasi gusto ko IKAW.

“Bakit naman? Dahil ba dun sa Crush mo?”

“Ano... Oo, pero ngayon sure ako na Hindi ko na siya Crush...”

“Ah ganun?” mabilis niyang sagot at nakakapagtaka dahil malungkot ang pagkakasabi niya.

Dun natapos yung usapan namin at wala na ulit nagsalita matapos nun hanggang sa makapagpaalam na lang kami sa isa't isa.

Itutuloy ko pa naman sana yung dahilan kasi nga hindi ko na Crush yun ay dahil Mahal ko na yun.

AT SIYA YUN! Ay Ewan? Bakit kaya siya nalungkot? Gusto niya ba na may crush ako? Hayysss.

Papakilala ko nga pala ang aking Bestfriend na si Fairy, ang cute ng name niya diba?

Haha! Kailan ko lang siya naging bestfriend?

Ngayong 4th year lang din, at sa kanya ko lang naman sinasabi ang lahat lahat lahat.

Pero pinagbabawalan ko siya na *wag na wag niyang sasabihin kay Chuck na may crush ako dito noon pa* dahil ang gusto ko ako ang magsasabi baling araw at sana nga dumating na yun pero parang ang imposible baka ma EPIC FAIL nanaman.

Pero hindi alam ni Fairy na mahal ko na si Chuck ngayon. Atsaka kamakailan ko lang din naconfirm e? Pati wala na siguro akong balak sabihin para saan pa? Wala din namang magbabago.

Isa lamang akong

KAIBIGAN.

Dumaan ang isang linggo pero ayoko ng instinct ko.

Feeling ko kasi may namamagitan kay Fairy at Chuck.

Lagi kasi silang magkasama, tapos ewan ko?

Pag magkausap sila laging nakangiti si Chuck tapos minsan nagtatawanan pa sila.

Halos buong period ng klase sa room sila ang laging magkasama.

Nag eeffort pa nga si Chuck na makipagpalit ng upuan para lang matabihan si Fairy at mas malala pa eh kung dati kami lang ni Chuck ang magkasabay umuwi, ngayon tatlo na kami kasama si Fairy.

Gusto ko sanang magtanong kay Fairy kaso nawawalan ako ng lakas ng loob baka isipin niya na jinujudge ko yung pagkakaibigan nila ni Chuck at baka mauwi sa misunderstanding, or mas malala sa away mauwi.

Pauwi na kami ulit ngayon at sobrang O.P talaga ako sa kanila!

Hindi ko na lang sila pinapansin pero parang sinasaksak na yung puso ko ng madaming beses.

Ang hirap ng buhay! Alam naman ng bestfriend ko na Crush ko si Chuck, pero bakit ganon?

"Kiela! May gagawin pala kami ni Chuck. Okay lang ba na mauna ka na? O gusto mo ihatid ka pa namin sa bahay niyo?" tanong ni Fairy

"Hah? Okay lang! Sige mauna na ako."

"Talaga? Tara na Chuck!" maiiyak na talaga ako.

Alam ko wala akong karapatan magselos or what, pero masakit lang talaga na bestfriend at yung taong mahal mo may possibility na magkadevelopan.

Mas worst kung SILA NA hindi pa sinasabi sayo.

Pero ayoko isiping ganun na nga ang nangyayari. Atsaka wala namang especial sa amin ni Chuck. KAIBIGAN lang ako.

Nagsimula na ako maglakad kaso bigla akong hinigit ni Chuck buti hindi pa natulo yung mga luha ko.

"Kiela saglit. Okay lang ba talaga sayo? Medyo malayo pa yung lalakaran mo oh? Wala kang kasabay." Sabi ni Chuck

"Hindi. Ok lang talaga!" hindi ba halatang hindi ok? Na nagtatampo na ako sayo Chuck! Bakit ba ang manhid mo?????!!!

"Ayos ka lang? Sure?"

"Yup! Sige! Bye!" at nagsimula na akong maglakad, kasabay din nun ang mabilis na pagdaloy ng mga luha sa aking mga mata.

Tapos hindi naman na ako kinulit ni Chuck pa.

Mga nakakailang lakad na ako nilingon ko sila,

pero sana hindi ko na lang yun ginawa...

Sana talaga hindi na lang ..

magkahawak ang kanilang mga kamay

habang tumatakbo....

at naging dahilan ito upang mas lalong sumakit ang dibdib ko at umiyak ng todo.

Ang OA ko ba? Hindi naman siguro, alam kasi ng Bestfriend ko kung gaano kahalaga sa akin si Chuck at yun ang masakit.

Dahil sa sobrang blurred na ng paningin ko, hindi ko napansin nahulog na yung isang paa ko sa kanal.

EPIC FAIL nanaman!!!!

Lalo tuloy akong umiyak dahil sa nangyari. Nakakainis!!!!!!!!!!!!

Paguwi ko ng bahay pinagalitan ako ni Mama. Pero di ko na lang masyadong pinansin wala ako sa mood para intindihin mga sinasabi ni Mama.

Kumain lang ako ng konti at humiga agad sa kama.

Siyempre umiyak nanaman ako.

Pero may napagdesisyunan na ako ngayon.

Simula bukas, lalayuan ko na si Chuck.

Ayoko ng mas lumalim pa ang nararamdaman ko sa kanya.

At para maiwasan ang mga nararamdaman ko na hindi naman talaga dapat

at lalong ayoko ng

masaktan.

## CHAPTER THREE: MY PARTNER

Naging matagumpay naman ang medyong paglayo ko kay Chuck, minsan ang kulit niya dahil lagi niyang tinatanong na bakit hindi ko siya masyadong pinapansin.

Lagi ko lang namang sinasabi na BUSY AKO, pero totoo naman talaga yun.

February na ngayon, BUSY talaga ako at sobrang tamang tama yung nangyari para maiwasan ko si Chuck.

Pero hindi ko alam? Lumayo nga ako ngunit hindi ako masaya. Sobra ngang lungkot ko e, kasi ang hirap niyang iwasan.

Lalo pa at VICE PRESIDENT ko siya sa Club namin. Pero madali lang naman siyang iwasan eh, gaya ng may ipapagawa ako sa kanyang task na hindi ako kasama dun.

Sa totoo lang miss na miss ko na si Chuck. Yung kakulitan niya, pero tinitis ko lahat.

Hindi ko nga alam kung tama yung ginagawa kong pag-iwas eh?



Ang pakikitungo ko kay Fairy ay ganun pa din kami. Hindi na ako masyadong nagkukwento kay Chuck, pero ang dami dami niyang tinatanong sa akin. Kung ano daw favorite color ko, kung anong gusto ko. Yung mga ganung bagay?

Mayroon daw kasing gustong manligaw sa akin. Hindi ko alam kung sino, pero sabi ko kay Fairy ayoko ng manliligaw.

Iniisip ko nga na kaya tinutulungan ni Fairy yung manliligaw na yun ay para matanggap ko na BAKA SILA NA ni Chuck.

Lagi ko na lang naiisip na SILA NA kaya nga walang araw na hindi ako umiiyak.

Araw araw akong kinukulit ni Fairy kasi nga matigas daw ulo nung gustong manligaw kaya sa huli wala akong nagawa kundi sagutin na lang mga tanong ni Fairy, siguro ito na din yung pagkakataon na makalimutan si Chuck.

Hindi naman siguro masamang ibaling sa iba ang nararamdaman lalo pa kung nasasaktan ka lang din sa taong minamahal mo.

Bukas na yung MALAKING EVENT

Ang VALENTINES DAY :))

Pagkapasok na pagkapasok ko pa lang ngayon ay busy na ako. Planado na din lahat ang mga mangyayari ngayong umaga at mamayang gabi.

Walang Klase ngayong Araw dahil gusto ng mga teachers na pasayahin ang Araw ng mga Puso.

Ngayong umaga ay puro Booth.

Mayroong Marriage Booth, Kiss Booth, Couple Dance Booth

at Message Booth (ito yung booth na kung saan iaannounce yung letter na isinulat mo sa buong campus, pwede mong sabihin kahit ano, karamihan nga sa mga nagbibigay ng letter sa booth na ito ay puro Love Letter)

At mamayang gabi naman ay magkakaroon ng J.S PROM.

Magsasara ang School ng 2pm para maiayos na ng maganda ang gaganaping J.S PROM at Thank God dahil ang mga mag aayos ng School ay ang mga SSG Officers.

Masaya akong makitang ang mga schoolmates ko ay masaya sa mga nagawa naming Events.

"Kiela, mag 1:30pm na oh? Tara na maglinis na tayo" sabi ni Yanna.

Kami nga pala yung nag aasikaso sa Marriage Booth kasama yung iba ko pang officers. Hinati hati ko kasi yung mga officers ko at members ko sa mga booth na ginawa namin, siyempre pinadala ko si Chuck sa ibang Booth sa Message Booth particularly para hindi kami magkasama.

Si Yanna nga pala ay ang Secretary ko. Naging close nga kami dahil sa Mapeh Club.

"Oo sige tapusin na natin ang mga ito para may oras tayo na makapag-ayos. J.S Prom pa naman mamaya" sabi ko.

"Oo nga noh? Haha! Mahirap ng maging haggard." sabi niya

"Yup! Sige dali tara na't maglinis."

At naglinis na kami, at ako lang naman ang dakilang tagawalis. :D

maya maya lang ay dumating si Chuck.

"Kiela!" sigaw niya sa classroom. Halatang hingal na hingal siya. Tumigil ako sa pagwawalis at pinuntahan ko siya sa may pinto.

"Oh? May problema??"

"Hah? Ano.. May nag-announce sa Message Booth, hindi mo narinig?"

"Bakit? Ano bang sinabi??"

"Ayyy... Hindi mo narinig?" malungkot na pagkakasabi niya.

"Ano nga yun?"

"Basta, yung manliligaw mo ata yun."

"Ahhh...." malungkot ko ding pagkakasabi. Nakakainis naman! Pati ba naman si Chuck? boto dun sa manliligaw na yun. Hays, at kailangan niya pa talagang ibalita sa akin.

Sana pala narinig ko na lang para nakilala ko din yung manliligaw na yun. Hayyys.

"Uuwi ka na ba?" tanong ulit ni Chuck.

"Hah?Oo, naglilinis na lang kami nila Yanna."

"Good thing! Tara sabay na tayong umuwi."

"Hah?? si Fairy?? Himala??? hindi mo siya kasama?" sarcastic kong pagkakasabi.

Amp! Mamaya isipin niya na nagseselos ako. Waaaahh! Pero nagseselos talaga ako Sobra pero ayokong malaman niya. >\_\_\_\_<

"Himala ka diyan. Hahaha! Nauna na siya e, may gagawin daw siya." psshh.. so ganun? Nagkakaroon ka lang ng time para sa akin kapag wala siya. Hayyss. Eto nanaman po ang isip ko >\_<

"Ah ok." yun na lang nasabi ko.

"Galit ka?"

"Bakit naman ako magagalit?"

"Antaray mo kasi talaga sa akin ilang linggo na."

"Oh? Sorry kung ganun. Pagod lang talaga siguro ako."

"Sabagay, mahirap maging President, akin na nga yan." kinuha niya sa akin yung walis tambo.

"Magpahinga ka na muna. Ako na lang tatapos sa winawalis mo." Dagdag niya.

Wala na ako nagawa kasi nagsimula na din agad siyang magwalis. Kainis tong Chuck na to e, kung kailan medyo nakakalayo na ako sa kanya siya naman ang kulit kulit lagi.

Umupo na lang ako sa isang upuan at tinitignan lang ang mga officers ko na maglinis.

At maya maya lang natapos na din sila.

"Kiela! Una na ako ah?" paalam sa akin ni Yanna.

"Oh sure! Ingat!"

"Pres! Uwi na po kami!" sabi pa ng ibang officers.

"Osige, Ingat kayo!"

Kami na lang naiwan ni Chuck sa Room. May niligpit lang siya at lumapit na sa akin.

"Pres! Tara hatid na kita."

"Pres ka diyan, hindi bagay."

"Hahaha, to naman oh? Meron ka ba? Ang taray mo talaga." pang aasar niya >\_\_\_\_\_<

"*ikaw kasi..*" bulong ko.

"Hah? Maysinabi ka?"

"Sabi ko uwi na tayo."

"Ahhh. Sige."

At naglakad na nga kami pauwi.

"Uy? Sinong partner mo mamaya sa J.S???"

"Wala. Saka na lang ako maghahanap mamaya." Derederetso ko lang na pagkakasabi habang naglalakad. Di ko din siya tinitignan.

"Ano ba yan..." sabi niya na parang nagreklamo.

"Bakit? Gusto mo ikaw??" Ooooppsss.. Mali ata nasabi ko. AHHHH!!!! >\_\_\_\_<

"Hah???? HAHAHA! Ano..... HAHAHAHA! Tama! Wala pa akong partner! Tayo na lang ang partner!"

"Pano si Fairy?"

"Si Fairy? Hahaha! Bakit mo ba laging sinisingit si Fairy sa usapan????? Nageselos ka ba kay Fairy????" bigla akong namula.

"ANOO!!? HINDI AH!!!!!! BAKIT NAMAN!!!"

"Bakit ka sumisigaw?"

"Eh kasi baliw ka! Kung ano ano naisip mo!"

"Hahahaha. Joke lang e, *alam ko namang hindi ka mageselos..*" may binulong siya sa dulo na hindi ko narinig.

"Hah? Ano???"

"Wala. Sabi ko, pwede bang ako nalang partner mo mamaya." biglang tumibok ng malakas yung puso ko. Poteeekk! GUSTO KO SIYEMPRE! Tinatanong pa ba yan? Argghhh! Diba dapat nilalayuan ko na tong mokong na to =\_="

"Pano nga si Fairy?" pagiinsist ko.

"HAHAHAHA! Kulit ng lahi mo. May partner na si Fairy."

"Ahhh..."

"Ayaw mo ba akong kapartner?"

"Hindi naman sa ganun. Akala ko kasi *partner na kayo ni Fairy.*" binulong ko lang yung dulo para di niya na marinig. Kinikilig na talaga ako sa totoo lang. Nananaginip ba ako? XD

Para ngang isang iglap nawala yung Selos ko at tampo ko sa kanya e.

"Hah? Ano??" tanong niya kasi di niya narinig yung dulo.

"SABI KO PARTNER NA TAYO!!!!" sigaw ko sa kanya. Sakto at malapit na ako sa bahay ay tumakbo na ako papasok.

Feeling ko kasi pulang pula na yung mukha ko.

Agad ko namang sinarado yung gate.

Kumatok siya.

"Oy Kiela! Galit ka? Okay lang kung ayaw mo akong partner"

"Hindi ah! " GUSTONG GUSTO KO KAYA!

"Weh? Talaga?"

"Oo nga, sunduin mo na lang ako mamaya dito ok?"

"Sige. Ingat!" tapos narinig ko na siyang umalis sa tapat ng bahay namin.

maya maya lang...

"KYAAAAAAHHHH!!!!" Napasigaw ako sa tuwa. HAHAHAHA!

"Oy ela? Ano problema?" tanong ni Mama.

"Hahaha. Wala po."

"At bakit pulang pula ka? May sakit ka ba?"

"Wala po Mama."

"Osige, kumain ka na at mamaya lang darating na yung mag-aayos sayo"

"Ok po."

Kumain na ako at pagkatapos siyempre naligo muna ako at sakto pagkatapos kong maligo dumating yung mag aayos sa akin.

Halos Isang oras din niya akong inayusan. At VIOLA! ANG GANDA KO NA XD

Ewan ko? Pero for the first time nagandahan ako sa sarili ko. HAHA XD

Madaming nagsasabing maganda daw ako. Ewan ko? Siguro nga? Madami na ding nanligaw eh XD Baka hindi ko lang talaga ma appreciate yung sarili ko. Lol!

"My Baby is so Beautiful." sabi ni Mama.

"Hindi mo na ako Baby Mama. hahaha!"

"Oo nga eh, parang dati lang kinakarga pa kita, ngayon Dalaga ka na."

"Ma, thank you po!" sabay niyakap ko siya.

"You're welcome always. Sino pala kapartner mo?"

"Ahm si Chuck po."

"Ahh.. Anong oras ba start ng J.S niyo?"

Kilala siyempre ni Mama si Chuck, remember? Kababata ko at kapitbahay ko pa. Saka close ang pamilya nila sa pamilya namin. =)))

Minsan nga nagbibiruan pa ang mama ko at ang mama ni chuck. Gusto daw nila na kami ni Chuck ang magkatuluyan, SANA nga! Kaso ang LABO eh!



"4pm po yung start ng J.S."

"Oh? 3:30 na pala sige antayin na lang natin papunta na din siguro dito yun."

Biglang may kumatok.

"Oh? Baka si Chuck na yan." tapos agad pumunta si Mama sa gate para pagbuksan.

Ako naman tumakbo pataas ng bahay. Sa Kwarto ko.

Anlakas ng tibok ng puso ko. Ano kaya itsura niya? Takte? Gwapo na yung lalaking yun eh! Pano pa kaya pag naayusan. Baka maghyperventilate ako nito ng wala sa oras. Hahaha!

Tinignan ko ulit yung itsura ko sa salamin.

"KIELA!!!! Asan ka na??? Andito na si Chuck!"

"Po???? OPO!!!! Pababa na po!" inayos ayos ko lang yung itsura ko. Saka huminga ng malalim.

Pababa na ako sa hagdan.

Kitang kita ko na siya...

Nag aantay siya sa dulo ng hagdan.

Parang nasa Fairytale tuloy ang lagay...

Yung parang yung eksenang...

Princess will meet his Prince :D KYAAAAAAHHH!!

Nakailang hakbang na ako sa hagdanan.

Dalawang hakbang nalang makakababa na ako..

Kaso nung malapitan na...

Nagkatitigan kaming dalawa.

at masyado talaga akong napatitig sa kanya..

kasi

.

.

SOBRANG GWAPO NIYA:">

## CHAPTER FOUR: HIS MINE

Hindi ko alam kung ilang minutes lang kaming nakatitig sa isa't isa.

Basta ang alam ko NAMUMULA na ako.

Pero siguro hindi masyadong halata naka-Make up ako eh :D

Pero nakita ko siya..

Namamalikmata ba ako???

Sobrang pula niya kasi eh. Di kaya nagblush on din si Chuck? XD

Imposible kasi eh. Wala naman siyang gusto sa akin.

Baka na Love at first sight siya sa akin. Ang ganda ko kasi ngayon eh.

Wahaha! Feelers lang . Lol :D

Pero kung ganun nga ang nangyari, mag aayos na ako ng sarili ko araw araw. HAHAHA! XD

"Hoy kayong dalawa! Malelate na kayo!" at napatigil na din kami sa pagtitig sa isa't isa. Parehas kasi kaming nagulat.

At humakbang na ako pagbaba.

Kaso naapakan ko yung gown ko kaya naman nadulas ako...

pero agad naman akong sinalo ni Chuck...

kaso na out balance din ata siya kaya naman parehas kaming bumagsak sa sahig.

\*Booogggsshhhh

Narinig ko ang mga yabag ni Mama na papunta sa amin.

Parehas lang kaming nakahiga sa sahig. Nakapatong yung ulo ko sa kanyang balikat, medyo nayakap niya kasi ako nung malaglag ako e >///  
<

"Ayos ka lang??" tanong ni Chuck. Ang lapit ng mukha namin sa isa't isa.. Bakit ba kasi ang gwapo ng nilalang na to.  
I feel butterflies in my stomach now >//<

*"This is like how i fell for you....."*

**it's an Accident.....**" nasa isip ko lang yan habang nakatitig sa kanya. Gusto kong sabihin kaso parang walang boses na lumalabas sa bibig ko. Speechless nanaman >///<

"Kiela?? Uy???"

"Hah???? Oo." sabay biglang upo ko na din.

"Nakooo!! Ano bang nangyari??!" sigaw ni mama at inalalayan akong tumayo.

"Na-out of balance ako Mama eh."

"Nako Ela talaga. Pasensya na talaga Chuck ah? Nakapaka Careless kasi ng Anak ko eh."

"Hahaha. Ok lang po Tita pati ayos lang din po ako." sabi ni Chuck

"Buti naman."

"Sorry..." yun na lang nasabi ko. Arrggghh !!! Ang EPIC Fail ko nanaman. Hayyyss ! Yun na eh!!! Banat na sana yun! Masasabi ko na yung nararamdaman ko. Kaso waleeeeeey ~

"Osige na. Tumayo na kayo diyan, wait. Picture picture muna tayo."

Tapos naglabas na si Mama ng Camera.

Ayun? Andami kong Solo Shots. Nakakahiya nga magpapro picture eh, nakatingin kasi si Chuck eh! Ayts :|

Tapos syempre madami din kaming pictures ni Mama.

"Oh? Kayo namang dalawa?"

"Po?!" sabay kami ni Chuck.

"Hahaha! Kayo talaga. Sabi ko magpapro picture kayong dalawa."

"Nakooo Mama! wag na malelate na po kami."

"Oo nga po tita."

"Sus... Dali na... three shots lang"

"Hayyss.. Sige na nga." di na ako makatanggi. Gusto ko din naman. HAHA XD

Yung first picture Pomal lang .. siyempre nakangiti ..

Yung second wacky daw ...

tapos pangatlo na.. wala na kaming maisip na pose.

"Ela! kapit ka kay Chuck tapos sandal mo yung ulo mo sa balikat niya!"

"MAMA!!!"

"Hahaha! Dali na!"

"Psshhh." Wala na ako nagawa ginawa ko na lang yung sinabi ni Mama.

Poteeeek na puso to!!! Ang bilis bilis parang sasabog na ata >//<

"Game..."

1

2

3

SMILEEEE!!!" sigaw ni mama at nagflush na yung camera.

"Ang cute niyo talagang dalawa." sabi ni Mama habang tinitignan yung picture. Hayyss >\_\_<



"Ma!! alis na po kami."

"Osige, sabi ko nga. May nirentahan akong taxi para sa inyo... nasa labas na siya nag-aantay."

"Sige po! Salamat po Mama!"

"Salamat po Tita!" sabi naman ni Chuck. Kanina pa siya tahimik. Ano kaya meron?

Sumakay na kami sa taxi. Parehas kaming tahimik. Ayytss... Ang Awkward tuloy.. Si Mama kasi ang daming alam.

"Ano....."

"Ano....." sabay pa kami. pssh =\_ =

"Sige mauna ka na."

"Hindi ikaw na mauna"

"Hays, sige na ako na una. Sorry kanina, sure ka wala bang masakit sayo?" tanong ko.

"Wala talaga pramis. Hehe."

"Buti naman, o ikaw? Anong sasabihin mo?"

"Hah? Nakalimutan ko na eh! HAHAHA!"

"Halah adik."

Malapit lang naman ang subdivision namin sa school kaya nakarating agad kami.

Ang daming tao... Ang gaganda at gagwapo nila :D

Agaw eksena tuloy yung paghinto ng taxi, at dahil don maraming nagmamasid kung sino yung lalabas. Nakakakaba tuloy.

Kilala pa naman ako siyempre President ng Mapeh Club eh. WAAHHHH!!

First time ko pa namang magsuot ng ganito sa school. Amp! Hindi naman kasi ako umattend nung Junior ako eh. Hayyss >//<

Unang lumabas si Chuck at ang daming nagtilian na babae. Psshh. Landi. Parang ako hindi eh nuh? HAHAHA lols

Tapos ako na yung lalabas. Pero nagdadalawang isip ako kung lalabas ako. Waaahh! Nahihiya talaga ako >///<

"Nahihiya ka noh? Okay lang yan! Sobrang Ganda mo kaya ngayon." sabi ni Chuck. >///<

"Kasi eh..."

"Halika." sabay inabot niya yung kamay niya... hinawakan ko naman ito. Kinikilig ako leche >///<

Tapos inalalayan niya na ako palabas ng taxi.

"Whoooooooooaaa!!!!!!!" rinig kong sigaw ng mga lalaki. >///<

Naramdaman ko ang paghigpit ng hawak ng kamay ni Chuck sa akin. Bakit kaya?

Tapos hinila niya yung yung kamay ko at ikinapit sa kanyang mga braso.

"You're my partner. Right?" sabi niya.

"Yup!" yun na lang nasabi ko. Kinikilig talaga ako kapag nakakapit sa braso niya. Kyaaaaa >///<

It's like a dream come true lol XD

Pumasok na kaming dalawa sa School. Ang bongga!!!

Ang ganda ng mga decorations. :D

Andaming nakatingin talaga sa akin. Nakakahiya talaga! Amp!

Pero minsan naiinis ako sa mga babaeng WAGAS MAKATITIG KAY CHUCK! Sarap tusukin ng mga mata eh.

He is my Partner Tonight. Kaya pwede ba? Kahit ngayong gabi lang ..

Payagan niyo muna akong ...

mag-aassume na...

He's Mine.

## CHAPTER FIVE: CAN I HAVE THIS DANCE

Bago magsimula ang Prom, siyempre di maiiwasan ang mga pasimulang salita. Chorva chorva. Eklavu! hahaha.

Pagkatapos ng program, ay masaya kaming kumain ng mga classmate ko. Siyempre katabi ko si Chuck. Anebee !  
Mukha ngang ayaw niyang humiwalay sa akin eh.

Ako naman todo kilig sa ginagawa niya >///  
<

Feelers na kung feelers.. ngayong gabi lang eh >\_<

Ang daming nagsabi na Sobrang Ganda ko daw ngayon. Mapateachers mapaclassmates...

Siyempre ayoko naman magdeny so I say "THANK YOU"

Tapos mayroon pa ngang nagtatanong kung pwede daw bang manligaw..

Siyempre sinasabi ko..

AYOKO .. basta lagi namang ganun eh.. si Chuck nga lang PWEDE XD

Ahh wait. Sino kaya yung manliligaw na yun?

Anyways ... Ayoko na siyang isipin .. :D

Pagkatapos naming kumain..

Nagsimula na ang pinaka inaabangan ng Lahat

Ang Sayawan :))

Siyempre yun naman talaga yung dapat na mangyari eh.

Nagsimula ng tumugtog ng mga Love Songs.

=====

**Can I Have this Dance by High School Musical ( Play the Video at the Right Side )**

*Take my hand, take a breath  
Pull me close and take one step  
Keep your eyes locked on mine,  
And let the music be your guide.*

=====

"Can I have this Dance?" sabi ni Chuck habang nilaan niya ang kanyang kamay patungo sa akin.

"Sure."

At pumunta na kami sa Dance Floor.

=====

*Won't you promise me (now won't you promise me, that  
you'll never forget)  
We'll keep dancing (to keep dancing) wherever we go  
next*

=====

Si Chuck na mismo ang naglagay ng aking mga kamay sa kanyang mga batok.

Halata naman kasing naiilang ako sa kalagayan namin.

Pagkatapos ang kanyang mga kamay naman ay nasa aking mga bewang.

>///  
<

Kinakagat ko na yung labi ko, hindi kasi mapigilang ngumiti.

Yumuko na lang ako habang nagsasayaw kaming dalawa.

Nakakakilig naman kasi yung ganito eh. Nakakakilig pa yung kanta >///  
<

=====  
*It's like catching lightning the chances of finding  
someone like you  
It's one in a million, the chances of feeling the way  
we do  
And with every step together, we just keep on getting  
better  
So can I have this dance (can I have this dance)  
Can I have this dance*

=====  
"Kiela..." bumulong sa akin si Chuck.

"Oh??"

"You look so Beautiful Tonight" >///  
Uwaaaa ~

=====  
*Take my hand, I'll take the lead  
And every turn we'll be safe with me  
Don't be afraid, afraid to fall  
You know I'll catch you through it all  
And you can't keep us apart (even a thousand miles,  
can't keep us apart)  
'Cause my heart is (cause my heart is) wherever you are*

=====  
"I know." sarcastic kong sagot para di naman halatang kinikilig ako. Hindi niya din naman makikita nakayuko ako e.  
Hahaha!

"Hahahaha! Lagi mo talaga akong pinapatawa"

"Whoosshh ~"

Wala na ulit nagsalita sa amin pagkatapos nun. Patuloy lang kami sa pagsaway..



=====

*It's like catching lightning the chances of finding  
someone like you  
It's one in a million, the chances of feeling the way  
we do  
And with every step together, we just keep on getting  
better  
So can I have this dance (can I have this dance)  
Can I have this dance*

=====

"Uyy, Asan pala si Fairy? Hindi ko pa nakikita?"

"Hah? Malay ko? Hahaha!"

"Weeeeeehh."

"Wag ng makulit, daldal mo eh." nagulat ako ng medyo hinila niya ako papalapit sa kanya. Para na tuloy kaming magkayakap.

Ipinatong niya ang kanyang ulo sa balikat ko, nagtayuan tuloy balahibo ko sa sobrang kilig siguro.

Waaaaahhh! pwede na akong kunin ni Lord XD

=====

*Oh no mountains too high and no, oceans too wide  
'Cause together or not, our dance won't stop  
Let it rain, let it pour  
What we have is worth fighting for  
You know I believe, that we were meant to be*

*It's like catching lightning the chances of finding  
someone like you (like you)  
It's one in a million, the chances of feeling the way  
we do (way we do)  
And with every step together, we just keep on getting  
better  
So can I have this dance (can I have this dance)  
Can I have this dance*

*Can I have this dance  
Can I have this dance*

=====

Hanggang sa matapos ang kanta ay walang umimik.

Nagulat na lang ako ng bigla akong niyakap ako ni Chuck.

"Mahal kita.... matagal na..." bulong sa akin ni Chuck.

Medyo narinig ko ng konti .. Konti lang ang ingay kasi ng tugtugan eh >///<

Mahal kita... ?

Huweeehhh ..... Baka masyado lang akong nag iimagine purket niyakap niya lang ako.

Pero may possibility na ganun .. pero bakit ganun sila ni Fairy ? Argghh ..

"Chuck? Ano??" nakatitig lang siya sa akin.

"Huy,, ano yung sinabi mo??? Paki ulit??" hindi parin siya nagsalita.

Nginitian niya lang ako at umalis na.

"Huy Chuck!!!!" ang dami kasing tao. Dun pa siya sumiksik kung saan saan hanggang sa hindi ko na siya makita.

Hindi ko na siya nahabol :(

Baka nga mali yung pagkadinig ko :(((

Nakatayo lang ako habang tuloy tuloy padin ang mga nagtutugtugan.

May mga gustong sumayaw sa akin pero di ko lang pinapansin.

Nakatulala pa din ako at pilit binabalikan ang mga sinabi ni Chuck.

Maya maya bigla na lang tumigil ang tugtugan ..

Kung kanina medyo maliwanag pa ..

Ngayon Black out na.

May mga sumigaw ... at kung ano ano pang ingay...

Pero natigil ang lahat ng biglang may umilaw...

pero ang ilaw na iyon...

*ay nakatutok sa akin....*

## **CHAPTER SIX: NO MORE EPIC FAIL CONFESSION**

Nasa akin ang Spot Light.

Sinubukan ko ngang maglakad para medyo magtago .. kaso

Sinusundan padin ako ng Spot Light.

"KIELA ACY!" kilala ko ang boses na yun..

si Chuck.

Hinanap ko kung asan nanggagaling yung boses... kaso bigla na lang umilaw ulit

May mga sumayaw sa harapan ko.

Pagkatapos nilang sumayaw saglit ay biglang dumaan si Fairy sa gitna nila.

At nakita ko si Fairy ..

Naka Fairy siyang suot. Ang cute cute ng bestfriend ko..

Habang hinihila niya ako papuntang harapan.. kinakabahan ako .. di ko alam kung anong nangyayari.

Pagkatapos niya akong mapunta sa harapan ay may sumayaw ulit ..

Ngayon ay kasama na si Fairy sa pagsasayaw.

Ang cucute ng mga kasama niya .. mga 2nd year at 1st year na officer ko sa MAPEH club.

Ang gaganda ng steps nila ..

Pagkatapos nilang sumayaw ay biglang may nagpapatok ng confetti.

Biglang dumilim ulit ...

at sa wakas nakita ko din siya..

Si Chuck...

may umilaw kasing Spot Light sa kanya...

May hawak siyang Mic. At nagsimula na siyang magsalita.

"Kiela.....bata palang tayo..... CRUSH na kita.

Una kong kita sa iyo ay nung lumipat kami sa tabi ng bahay niyo. Nakikipaglaro ka sa mga batang friends natin dati. Ang cute cute mo nun! Kaya nga Crush agad kita e. Ang saya ko din nung araw na niyaya mo akong makipaglaro sa inyo ng batuhang bola. Sobrang tuwa ko na nakausap din kita kasi hanggang tingin lang ako sayo nun eh. "



"Ilang beses akong nagtangka ipagtapat sayo.... pero lagi na lang ako nawawalan ng la kas ng loob. Ilang taon tayong magkasama pero ang TORPE ko! Buti na lang nagkaron ka ng babaeng bestfriend ngayong 4th year. Si Fairy..."

tumingin siya kay Fairy na ngayon ay halatang pagod dahil sa presentation na ginawa nila. Lumingon naman si Fairy kay Chuck.

"Fairy ... Salamat ng madami.. " tapos ng thumbs up lang si Fairy.

Hindi ko napansin na tumutulo na pala ang luha ko.

Naiinis ako sa sarili ko, masyado nga talaga akong nagJudge.

Na nakuha ko pang magselos sa kanilang dalawa...

Ngayon .. narealize ko na lahat ..

ANG EPIC FAIL KO TALAGA T\_\_T

Nagsalita na ulit si Chuck.

"Sorry Kiela kung medyo nawalan ako ng time para sa'yo. Masyado kasi akong natuwa kay Fairy dahil sa mga kinukweto niya tungkol sayo.

Nalaman ko kasing ako pala ang CRUSH mo. One time tinanong kita diba? Yung bakit ayaw mo magpaligaw .. kung dahil ba yun sa CRUSH mo. Sabi mo oo .. kaso ang lungkot ko sobra ng sinabi mong hindi mo na Crush yung tao na yun.

Kasasabi pa lang ni Fairy na ako ang matagal mo ng Crush, kaya nalungkot ako nun. Kinabukasan... Nangingi ako ng payo kay Fairy .. Kaya pati hanggang sa pag-uwi kasama natin siya. Habang busy ka .. busy din ako para sa Event na ito. "

"At dahil andito na ako.. Ayoko ng magtago pa.. Madami ding tao ang nagpagod para dito.. "

"Kiela.....

MAHAL KITA...

MAHAL NA MAHAL....." Lalo tuloy akong napaiyak.

Napaupo na lang ako. Halo halo ang aking nadarama. Pero nangingibabaw ang SOBRANG SAYA..

"Whooooooooo !!!!!!! " at dun lang din nakapag react ang lahat ng tao sa school.

Hindi ko namalayan na nasa harapan ko na si Chuck.

May dala siyang isang bouquet of Roses.

Tinayo niya ako.

Tinignan..

at pinunasan ang mga luha na dumadaloy sa aking mga mata.

"Wag ka ng umiyak, ang panget mo na oh?"

"NAKAKAINIS KA KASI EHHHH!!!!!!" nagulat ako na naririnig ng lahat ang mga sinasabi ko. Di ko napansin .. may lapel pala ako >///  
<

"Oh?? Bakit naman? Ayaw mo ba sa akin??"

"HINDEEEEE!!!! NAKAKAINIS KA!!!!

HINDI MO KASI AKO PINAPATAPOS LAGI NG SALITA! ANG ENGOT MO!!!!ANG MANHID MO PA!!!!!! SORRY  
DIN! LAGI KASING NAG EEPIC FAIL ANG MGA NANGYAYARI KAPAG MAGCOCONFESS NA AKO SAYO E!!!

ATSAKA!!! KAYA KO SINABI NA HINDI KO NA CRUSH YUNG TAO NA YUN!

KASI.... " (Huminga ako ng malalim)

"MAHAL KO NA SIYA!!!!

MAHAL NA MAHAL KITA CHUCK!!!!"

bigla na lang ako niyakap ni Chuck.

"WHOOOOOOOOO!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!" lalo tuloy naglakasan ang hiyawan sa buong school.

"Ang saya ko..... Ang saya saya... " sabi ni Chuck.

"Ikaw lang??" sarcastic kong sagot habang nakayakap sa kanya. Sobrang ang saya ko! Sa wakas! Hindi na nag EPIC FAIL ang pagcoconfess ko. Walang epal na dumating.

ANG SAYA SAYA ^\_\_\_\_\_^

NO MORE EPIC FAIL CONFESSION :>

"HAHAHA! Lagi mo talaga akong pinapasaya." sabi niya... Hindi na ako umimik. Pero ang laki ng ngiti ko sa mga labi habang yakap yakap ko siya.

pagkatapos ng ilang seconds ay bumitaw siya sa pagkakayakap sa akin.

Nakita ko ang mukha niya na sobrang saya ..

Nakakita din ako na may mga luha sa kanyang mga mata..

"Kiela....." nakatitig lang siya sa akin. Ang serious ng tingin na iyon, feeling ko anytime matutunaw ako. Nagpatuloy ulit siya sa pagsasalita.

"Mababaliw ako kapag naagaw ka ng iba....."

pwede bang ...

*Maging Akin ka na????*

## **EPILOGUE:**

"Mommy! Mommy!!!!!"

"Yes baby Chela??"

"EPIC FAIL PO AKO KAHAPON! T\_\_T"

"Bakit naman?"

"Kasi nung naglalaro po kami ng mga friends ko, nadulas ako... Nakapalda pa naman ako nun Mommy!!!! The worst is nakita tuloy ng Crush ko yung panty ko.... huuhuhu. Mommyyy \*sob\* it's so EMBARRASSING! I want to play with them again now, but I am ashamed to face my Crush again. huuhuhu"

Then my Five year old daughter cry to me.

"It's okay Baby Chela, by the way who's your Crush? Ikaw ah?"

"Ooooooopssss.. " tapos pinalo palo niya yung bibig niya. Hahaha.

"Hahaha! It's okay baby, it is normal. Who's your crush??"

"Waaahhhh!! Mommy!!!!!! Don't tell daddy!"

"Why?"

"Aasarin ako ni Daddy, at baka malaman ni Crush."

"Sino ba yun??"

"Yung anak po ni Tita Fairy, si Michael"

"Ayieeeeeee. Choosy si Baby. Hahahaha!"

"huhuhuhu. Mommy... I don't know what to do \*sob\*... I can't face him again .. Ang laking EPIC FAILED!!! Waaaahhh!!!" tapos sumubsob siya sa lap ko.

"It's okay baby Chela, makakalimutan din yun ni Michael. And alam mo ba? Hindi lahat ng Epic Fail sa buhay ay nagbubunga ng Failed talaga. Mayroon din kasing Epic Fail na nagbubunga ng maganda."

"Talaga mommy? Mayroon palang ganun?? Like What Mommy? \*pout\*\*"

"Tulad ng nangyari sa amin ng Daddy Chuck mo."

"Ano pong nangyari Mommy? I want to know!!!" sobrang ngiti na siya ngayon at halatang excited siya sa ikukwento ko.

"It's My Sweetest Epic Fail baby...."

"Naahhhhh!!! Antagal naman ikwento.... Please mommy!!!! \*pout\* \*teary eyes\*" hindi ko na natiis kaya ikinuwento ko na.

"Ganito yun baby Chela....."

FLASHBACK:

Pagkatapos ng hindi ko malilimutang Promenade, naging kami ni Chuck.

Pero bago umuwi noon... kinausap ko muna si Fairy..



"Fairy..... I'm sorry" and I started to cry.

"It's okay Kiela, alam ko na iba na yung iniisip mo noon sa amin ni Chuck... sorry din.. alam kong mahirap din yung pinagdaanan mo nun. Kung ako sa katayuan mo? Dapat nga kinamuhian mo ako eh, pero napatunayan kong bestfriend talaga akong turing mo sa akin. Salamat talaga" umiyak din siya at niyakap ako.

"Fairy ..... Thank you so much ... you're such a true Fairy .. my Fairy God Mother"

"Hahahaha. You're always welcome Kiela, I'm not your Fairy God Mother I'm your Fairy God Bestfriend"

"Hahahaha!" at sabay kaming nagtawanan nun.

Ang saya talaga ng araw na yun.

Ang saya din kasi bago pa pala tanungin ni Chuck na gusto niya ako maging girlfriend ay alam na pala nila Mama at Papa.

Gulat nga ako pag-uwi namin ni Chuck sa bahay ( hinatid niya pa kasi ako nun sa bahay >///< )

Andaming handa, tapos Congratulations daw sa aming dalawa. Para tuloy Engagement Party ang nangyari. HAHAHA!

Pagkatapos ng handaan ay umuwi na si Chuck. Pero bago siya umuwi, hinug niya muna ako kahit andun sila Mama at Papa. Nakakahiya nga eh.

Pero nakakatuwa dahil hindi siya nahiya.

Anlaki ng pinagbago niyang iyon, hindi na siya TORPE. Haha :D

February 14 naging kami. Remember? Valentines nung Promenade.

Ang saya talaga!!! Damang dama ko na Araw talaga ng mga PUSO noong araw na iyon.

Kinabukasan, February 15 (Saturday) Nagkaroon naman kami ng First Date ni Chuck. >///<

"Ma..... alis na po ako!!" paalam ko kay Mama.

"Tita! hihiramin ko na po si Kiela! Bye po!"

"Hahaha! Osige, ibalik mo ng buong buong ah?" pabiro ni Mama.

"Hindi po pwede ehh!! hindi ko po kasi pwedeng ibalik..."

ang puso niya....."

"Aiiisshhh!!!" napalo ko tuloy siya sa balikat. Ang cheesy kasi! Kagabi pa yan nung magkatext kami,...

"HAHAHA! I love you Kiela...." Ayan nanaman po siya >///  
<

Ang gara pala ng conversation kagabi. Walang katapusang Mahal kita. I love you. Hahaha!

Pa sweetan pa nga kami e. Lol! Anong oras na tuloy ako natulog sa sobrang kilig.

"HAHAHA! Nakong bata to. Hindi talaga ako nagkamali sayo. Osiya... Ingat kayo! Enjoy your day." Sabi ni Mama.

"Opo!" sabay pa kami ni Chuck.

Napagdesisyunan namin na sa Park muna kami magpunta.

Lakad lakad..

Ang ganda ng nilalakaran namin. Medyo madamo kasi :D tapos may ilang flowers din na madadaanan.

Nasa unahan ko siya..

Sa totoo lang kahit ngayon kinakabahan pa din ako.

Hindi yung kaba na ninenerbyos.. sobrang lakas kasi ng pintig ng puso ko

Saka parang nananaginip nga ako eh ...

kasi hindi ko aakalaing mahal pala talaga ako ng taong akala kong hindi ako mahal....

Kung panaginip man ito sana wag na akong magising XD

"Kiela..." bigla siyang tumigil kaya naman nabunggo ako sa kanya.

Nasa likod niya kasi ako... nahihya ako tumabi sa kanya..

Umatras naman ako agad.

"Oh??" sabi ko..

Hindi siya nagsalita kundi itinaas niya yung kamay niya na parang nagsasabing hawakan ko ang kamay niya. >///<

Natuwa ako ng ginawa niya iyon. Kinikilig talaga ako sobra.

Kasi siyempre ito yung first time na maghoholding hands kami habang naglalakad >///<

Kaya naman sa sobrang tuwa ko napatakbo ako para hawakan ang kamay niya..

Kaso.....

Hindi sa malaman laman na dahilan.....

Natapilok ako bigla.....

Buti malapit na ako kay Chuck noon at nahawakan ko naman agad ang kamay niya pero parang hinila ko lang siya para matumba kaming dalawa.

At tuluyan na nga kaming bumagsak dalawa sa madamong dinadaan namin..



Ang bilis ng mga pangyayari...

I feel like the earth stops at the time...

And the only one I see is HIM..

And the only one I hear is my HEART beating SO FAST and LOUD...

Because.....

I felt his lips press against mine .....

.

.

And that's ***MY SWEETEST EPIC FAIL....***

=====

Yey! Nakatapos nanaman ng isang story. Hohoho =))

Salamat sa mga Nagbasa :))

Comments and Votes are so much Appreciated :D

Simsimi29 ☺